# 1

*Ten years earlier….*

May kamay na bakal na pilit dumudurog sa puso ni G. Hindi siya halos makahinga dahil sa sakit na nararamdaman sa kanyang dibdib.

Georgeanne Marie Regudo had been in love with Everett James for as long as she could remember. At ngayon ay magpapakasal na ito.

Sa kanyang murang edad na limang taong gulang, little G's heart had been claimed by her older brother Jake's best friend, ang labintatlong taong gulang na si Rett. Isang scoop ng cookies and cream ice cream lang ang nakabihag sa puso niya. Hindi niya ininda ang pagtulo ng natutunaw na ice cream sa maliliit niyang daliri at sa Sunday dress niya habang nakatitig lamang sa mga mata ni Rett at inalay rito ang kanyang batang puso.

Iniabot nito ang tissue sa kanya at sinabihan siya ng, *"Eat your ice cream, Cupcake."*

Sa edad na walong taong gulang, halos mapaos si G sa kasisigaw mula sa bleachers habang pinapanood si Rett na paluin ang bola, mag-homerun

at maipanalo nito ang baseball team ng school nila para makarating sa *STRAA* finals. Nang matapos ang laro, itinapon nito sa kanya ang number seven jersey shirt nito, sabay kindat. Nakalutang siya sa alapaap noon.

Bago siya natulog nang gabing iyon, she held his jersey to her small body and inhaled his sweaty scent with a dreamy smile on her face. Nakapikit ang mga mata na nangarap siya na darating ang panahon na magiging asawa niya si Rett. Pinakaingatan niya ang jersey shirt na iyon.

Sa kanyang ikasampung taong kaarawan, hiniling niya sa ama na mapanood si Rett sa paglalaro nito para sa baseball team ng Pilipinas sa *SEA Games* sa Thailand. Pumayag naman ang daddy niya at buong mag-anak silang pumunta sa bansang nabanggit upang panoorin ang binata.

Pigil-hiningang pinanood ni G ang pagpalo ni Rett ng bola. Lahat ng supporters ng Philippine baseball team ay kabado. Puno ang lahat ng bases. Nakadalawang strike at two balls na ang itinawag sa binata. With all his might, Rett hit the ball out of the park. He soared to greater heights in the field of baseball that day.

Ang homerun na iyon ang nagbigay-daan

upang ma-recruit ito ng isang sikat na baseball team sa America, ang *New York Yankees*. He became a sports legend in the major leagues of professional baseball. The Yankees offered him a multimillion-dollar contract, prestige, commercial endorsements and more women.

Hindi itinapon ni Rett ang jersey nito noong araw na iyon kay G. Instead, he gave it to his model-girlfriend then, Wendy Benson. Ngunit hindi naiba ang pagtingin niya rito.

Simula noon ay halos hindi na niya nakita ang lalaki. He moved to New York and embarked on his new, fast-paced career as a baseball hero and his new heady status as every woman's fantasy. People flocked around him. Lahat ay nais itong maging kaibigan. Sa lahat ng iyon, G still loved him.

Ngayon, sa kanyang sixteenth birthday, halos hindi siya mapakali habang hinihintay ang pagdating ni Rett. Ibinalita sa kanya ni Jake na magbabakasyon dito sa Pilipinas ang kaibigan nito. Nang makita niya ang puting sportscar ng baseball player na pumarada sa labas ng gate nila ay sinalubong niya ito. Gustung-gusto na niyang magtatalon sa tuwa nang sandaling iyon. Napigilan lang siya dahil hindi niya magawang huminga nang makita niya ang

million-dollar grin ng binata na pinagkakaguluhan ng endorsers na gaya ng *Nike* at *Adidas*.

Lalo itong gumuwapo sa nakalipas na mga taon. Ang pinagsamang dugong banyaga ng ama nito at ng inang Filipina ang nagbigay rito ng exotic look. He did not look too American or too Filipino either. He was just mestizo but a drop-dead gorgeous at that.

The fact that Rett showed up at her house with a gallon of cookies and cream ice cream really made her birthday complete. She had not seen him for a long time. Sa *ESPN* lang niya ito napapanood, ngunit kahit ganoon ay patuloy ang communication nila through e-mails and phone calls.

"Happy Birthday, Cupcake," nakangiti nitong bati habang lumalabas ng kotse. "Kumusta ka na?"

Nanlalamig ang mga palad na tiningala niya ang binata. "Okay lang. Sixteen na ako."

He grinned and nodded. "And getting prettier by the second, Cupcake."

Lalong bumilis ang tibok ng puso ni G sa narinig. Alam niyang hindi siya kagandahan. She was too chubby to be pretty. Ngunit ang sinabi ni Rett ang pinakamatatamis na salitang narinig niya

sa tanang buhay niya. Alanganing ngumiti siya rito nang hilahin siya nito at yakapin. At five feet three inches, the top of her head only reached up to the chest of his six-foot-three-frame.

Ipinikit niya ang mga mata at nagpaubayang mayakap siya nito nang mahigpit. Nalanghap niya ang mabining amoy na tanging ito lamang ang mayroon.

Mas masarap ang pakiramdam niya ngayon kaysa noong nanalo siya sa photography contest ng school nila. Better than cookies and cream ice cream. This was Rett.

"Rett, honey, who is that delightful little cherub you're hugging?"

Dahil sa gulat, kumalas siya sa pagkakayakap sa lalaki at hinanap ang pinanggalingan ng boses. Nanigas ang buong katawan niya nang makita ang isang napakaganda at napaka-sexy na babaeng naglalakad palapit sa kanila. She was blond and she was walking toward them like she just got out of a magazine cover and into G's worst nightmare.

Nakangiting iniabot nito ang kamay sa kanya, pero naramdaman niyang plastic ang pagkakangiti nito. "Hi there. I'm Chelsea, Rett's fiancée. You must

be Georgeanne."

Napalunok siya dahil parang may nakabara na kung ano sa kanyang lalamunan.

*Fiancée? Magpapakasal na si Rett?* hysterical na sigaw ng kanyang puso.

Her chest started to ache and then little by little, lahat ng parte ng katawan niya ay nagsimulang manakit. Ang kamay na bakal na nakahawak sa kanyang puso ay lalong humihigpit ang pagpiga roon.

Somehow, she found the strength not to let the tears fall from her eyes and plastered a superficial smile. Tinanggap niya ang pakikipagkamay ni Chelsea. Kinailangan niyang humugot ng tig-kakaunti ngunit mabibilis na paghinga upang pigilan ang sarili dahil gusto niyang sabunutan ang kaharap. She wanted to call the woman names. But in the end, she did the hardest part. She welcomed the girl.

"Yes, I'm Georgeanne. It's a pleasure to meet you," mahina niyang sabi.

Ngumiti ito na parang alam nito ang nadarama niya. "Rett has told me so much about you. May I call you 'G?'"

Naningkit ang mga mata niya. Tanging ang pamilya at close friends niya ang tumatawag sa kanya ng 'G.' Hindi niya kilala ang babaeng ito at lalong hindi niya ka-close.

"No. Call me Georgeanne."

Narinig niya ang pagtikhim ni Rett at nang tingnan niya ay alanganin itong nakangiti sa kanya. "Hindi mo ba kami papasukin sa loob?" Itinaas nito ang plastic bag na naglalaman ng isang galong ice cream. "You wouldn't want this to melt, right?"

Tiningnan niya ang plastic bag, si Rett at sa huli ay si Chelsea. All the hurt that she was feeling was right there in her eyes. Unti-unti siyang umatras.

"It was nice to see you again, Rett." Tumigil siya sandali upang humugot ng natitirang lakas bago tumingin sa babae. "It was nice to meet you, Chelsea." Ibinalik niya ang mga mata sa binata. "Nasa sala lang sina Kuya at naghihintay sa inyo. Tumuloy na kayo sa loob. Ngayon ko lang naalala na may pupuntahan nga pala ako."

Tatalikod na sana siya ngunit nahawakan ni Rett ang braso niya. "G, wait—"

Pumiksi siya at binitiwan naman nito ang kanyang braso. "I have to go. Imi-meet ko pa kasi si

Maxine to take some pictures for our photography class." With that, she turned and left.

She sought refuge under the camachile tree in the baseball park and cried a river. Doon sa ilalim ng punong iyon ay palagi niyang pinapanood dati sina Kuya Jake at Rett na naglalaro ng baseball. Lahat ng pangarap niya na mapapansin siya ni Rett balang-araw ay parang bulang naglaho. Lahat ng daydreams niya noon na darating ang araw na mamahalin din siya at pakakasalan ng binata ay nilipad kasama ng alikabok sa baseball park.

Ang nakatatandang kapatid niya ang nakatagpo sa kanya sa ganoong kondisyon. Naupo ito sa tabi niya ngunit hindi nagsalita. Alam nito kung gaano katindi ang damdamin niya para sa kaibigan nito, it was not a childish crush. Naiintindihan siya ng kuya niya. He pulled her into his arms and let her cry.

Habang naglalakad sila pauwi, napagpasyahan ni G na hindi na siya muling mag-aaksaya ng panahon na pangarapin ang mga bagay na hindi niya maaaring makamit. Sa halip ay magko-concentrate siya sa mga pangarap na kaya niyang tuparin. She would carve out her own destiny.

And she would never, ever dream about Everett James again.

# 2

*Present day....*

Gusto niyang kumurap pero hindi magawa. Nanlalaki ang mga mata ni G habang mahigpit na hawak ang kanyang camera.

Mula sa pinagtataguan niya sa likod ng isang puno ay nakikita niya ang isang grupo ng kalalakihan. They were all naked—butt naked. And beating on drums.

*Dear God!*

Napailing siya dahil hindi siya makapaniwala sa nakikita. Nang pumayag siya para kumuha ng litrato sa exposé ng kanyang best friend na si Maxine ukol sa isang sektang nagngangalang *Lupon Ng Mga Kalalakihan Para Sa Kalalakihan* o *LKK* ay hindi niya inakala na ganito ang makikita niya.

What the hell was this? Sinabi sa kanya ni Maxine na once a month ay nagmi-meeting ang LKK. Pero meeting habang nakahubo't hubad?

Hindi niya mapigilang mapabungisngis. Of course, hindi alam ng mga ito na ang private meeting

na iyon ay malapit nang maging public.

Nilinga ni G ang paligid. Nasa gubat sila sa likod ng resthouse ng isang prominenteng pulitiko sa Laguna. With the keen eye of a trained photographer, she took it all in. May labindalawang lalaki, lahat ay nakahubad at nagtatambol. May placards sa likuran ng mga ito na nakatusok sa lupa.

Nakaramdam siya ng excitement nang maisip ang boost nito sa credibility ni Maxine bilang isang magaling na journalist. Hindi rin siyempre maitatanggi ang magiging epekto nito sa kanyang Kuya Jake.

Gagawin niya ang lahat ng makakaya upang maipakita sa buong bansa kung ano ang tunay na kulay ng pulitikong iyon. Sa peryodiko bukas ng umaga kasabay sa almusal ng mga Pilipino, ang hubad na katotohanan ukol sa pagkatao ni Congressman Gener Bustamante.

Hindi malayong makuha ng kanyang kapatid ang much-deserved congressional seat ng Makati at makikilala rin si Maxine bilang isa sa mga nangungunang journalists sa bansa.

Nakangiting nilingon niya ang kaibigan at siniko ito nang bahagya."Nandito na ba si Congressman?"

pabulong niyang tanong.

Habang nginunguya ang bubblegum at saka nagpalobo ay itinuro nito sa kanya ang pulitiko. “Oo. Iyon siya at ’yung chief security niya sa bandang kanan. Kunan mo na ng litrato, G. It’s a perfect shot,” nakangiting udyok nito.

Tama si Maxine kaya hindi na niya sinayang ang pagkakataon. Hindi araw-araw ay dumarating sa buhay ng isang photographer at journalist ang ganito kalaking istorya. Nakatayo si Cong. Bustamante at ang chief security nito sa gitna ng mga hubad na lalaki na nagtatambol. Kitang-kita ang mga placards sa palibot ng mga ito. Lumuhod siya, itinuon ang camera at nagsimulang kumuha ng mga litrato.

“Make sure na makuhanan mo ang mga placards dahil sigurado akong front page ang scoop na ito bukas,” excited na bulong ni Maxine.

“Done.” Tumayo na siya at humarap sa kaibigan. “This couldn’t have come at a better time. Malapit na ang eleksyon at kailangang ang maupo sa puwesto ay iyong mga karapat-dapat lamang.”

“Hanggang ngayon ay walang nakakaalam na sinusuportahan ni Cong. Bustamante ang sektang ito. Kilala ang mga miyembro ng *LKK* sa pagiging

prejudiced sa mga babae. Sinusupil nila ang karapatan natin na maging bahagi ng lipunan. They formed this sect with the thought that women should stay at home at paniwalain ang mga babae na helpless tayo at lahat ng salita nila ay batas," patuloy nito habang naglalakad sila sa gilid ng kagubatan at patuloy pa rin ang pagkuha niya ng litrato.

G took as many photographs as she could take. Two rolls of film later, tinanggal niya ang film sa camera at pinalitan ng isang decoy na film. Itinago niya sa loob ng underwear niya ang dalawang roll ng film na nagamit at sinenyasan si Maxine to move in for the kill.

Nagpalobo ito ng bubblegum at tumango. "Let's rock!"

Nagkagulo ang mga lalaki sa paghahanap ng mga damit nang lumabas sila mula sa gubat. Umulan ng masasamang salita at ng mga suntok.

Makalipas ang isang oras, at isang blackeye mula sa chief security ng congressman, napangiwi si G nang ilapat niya ang ice pack sa mukha. Tiningnan niya si Maxine at hindi nila maiwasang magkatawanan.

Nakuha ng chief security ang camera niya.

But Georgeanne Regudo would always get her pictures.

ABOT-TAINGA ANG NGITI ni G kahit na namamaga at nangingitim ang kanyang kaliwang mata. Parang apoy na kumalat ang istorya ni Maxine. And of course, ang litrato ni Cong. Bustamante. Biglang bumagsak ang suporta rito at dumami ang supporters ng Kuya Jake niya.

"Hindi pa rin ako makapaniwala," nakangiting sabi ng kapatid niya. "Alam kong may tililing si Bustamante, pero ang sumali sa *LKK*? Jesus!"

Natuon ang tingin ng magkapatid sa Lolo Ato nila nang malakas itong tumikhim. "Hindi na ako nagulat diyan. Nakita ko iyang si Bustamante nang dalawang beses at halata ko agad na may kakaiba sa batang iyan."

"That's so true, Grampy. " Iyon ang nakasanayan nilang itawag dito. Simula noong bata pa sila ay hindi ito sumasagot kapag tinatawag na 'Lolo'. Groovy kasi itong matanda. Ang mahaba at namumuting buhok ay naka-ponytail and despite the fact that he was a wealthy man, her Grampy was only wearing a simple t-shirt.

Marahan niyang hinawakan ang gilid ng kanyang blackeye at kumindat. “Pero malakas sumuntok ’yung chief security niya, ah.”

Napangiwi si Jake. “I’m so sorry about that, G. Salamat sa ginawa mo pero sana’y hindi ka nakatikim ng blackeye.”

Tinitigan niya ang kapatid. Napakaguwapo nito pero binata pa rin ito. Iyon ang dahilan kung bakit hindi tumataas ang suporta rito. Until this morning. Ngayon ay mukhang wala nang pakialam ang mga tao kahit hindi pa ito pamilyado.

Nagkibit-balikat siya at nginitian ito. “No big deal, bro.”

Tumikhim ulit ang lolo nila. “Ay ‘sus! Jake, don’t underestimate your sister. Regudo yata iyan. Nasa dugo nating mga Regudo ang pagiging matapang. Walang inuurungan. Naalala ko pa nga ang Grammy ninyo noong *People Power*….”

Sabay na napaungol ang magkapatid. Ilang libong beses na nilang narinig ang kuwentong ito. Kapag nagkukuwento ang matanda ay mag-uumpisa ito sa kasimula-simulaan at iyon ay ang panahon ng mga Amerikano, Hapon, ni Ferdinand Marcos, hanggang sa kasalukuyan….

"Please, Grampy," nagmamakaawang awat ni Jake, "not another story."

Pinandilatan ito ng mga mata ng lolo nila. "Bata ka! Kung nabubuhay lamang ang lola ninyo—"

Kumunot ang noo ng binata. "Buhay at malakas pa si Grammy."

Iwinasiwas ng matanda ang kamay at binalewala ang sinabi ng kuya niya. "Figure of speech lang iyon."

Nagkatinginan ang magkapatid at pigil ang ngiting nanahimik. Ang grandparents nila ang nagpalaki sa kanila simula noong pumanaw ang mga magulang nila sa isang aksidente twelve years ago. At kung gusto ni Grampy na magkuwento, wala silang magagawa kundi makinig dito—ulit.

"Tama na nga iyan, Ato. Paulit-ulit lamang ang kuwento mo. Oras na para makapaghapunan tayo." Pumasok si Lola Trining sa family room, looking as beautiful as ever. Dumerecho ito sa asawa at hinalikan ito sa pisngi, pagkuwan ay lumapit ito sa kanya at hinawakan siya sa baba. Nilapatan nito ng isang munting halik ang blackeye niya.

"We're so proud of you, G," malambing na sabi nito.

Niyakap niya ito. Sa tuwing masusugatan o masasaktan silang magkapatid ay iyon ang gawain ng lola nila. She would kiss the hurt away. At kahit na twenty-six na siya ngayon ay ganoon pa rin ang epekto niyon sa kanya; kaagad na gumaan ang pakiramdam niya.

Tumuloy na silang lahat sa hapag-kainan at doon ipinagpatuloy ang diskusyon.

"Sa tingin ko ay landslide victory ito, apo," malakas ang kumpiyansa na saad ni Grampy kay Jake.

"Huwag muna tayong pakasiguro dahil ilang buwan pa bago mag-eleksyon," saway ni Grammy. Inabot nito ang plato ng grilled chicken at saka nilagyan ng manok ang kani-kanilang plato.

Tumango si G at sumang-ayon. "Tama si Grammy. We have to remain vigilant."

Umiling si Grampy habang punung-puno ang bibig ng pagkain. Nilunok muna nito iyon bago nagsalita, "Hindi. Landslide ito. Jake hadn't pulled out his big guns yet."

Mapang-alaskang nginitian niya ang kapatid. "Kuya, parental guidance tayo. Hindi mo puwedeng ilabas 'yan." Kinindatan niya ito at saka napahalakhak

nang makita ang pamumula ng binata. Hindi talaga ito sanay sa medyo green na biro. Nakisabay ang lolo at lola niya sa pagtawa.

"Joke lang, Kuya. Ano ba 'yang big guns mo?" Tinapik niya nang marahan ang braso ng kapatid.

"Everett James."

May ilang sandaling nablangko ang utak ng dalaga. Bukod sa paminsan-minsan niyang nakikita sa TV at sa newspapers, matagal na ring hindi nababanggit ang pangalan na iyon sa pamilya nila.

Sikat din dito sa Pilipinas si Rett dahil minsang na-interview ito sa *ESPN*, ay buong pagmamalaki nitong nabanggit na lumaki ito sa Pilipinas at dito rin natutong mag-baseball. Kahit na hindi ganoon kasikat ang baseball sa Pilipinas ay sinubaybayan ng mga Pilipino ang career nito. Sampung taon na ang nakakaraan mula noong huli itong tumuntong sa bansa. That was on her sixteenth birthday.

Tumikhim si G at iniabot ang wineglass niya kay Grampy upang salinan nito ng white wine. "Rett? Hindi ko alam na may communication pa rin pala kayo."

Nagkibit-balikat ang kuya niya. "Naiba ang direksyon ng buhay namin kaya slowly, we lost touch.

Matagal na kaming walang communication, pero noong isang linggo ay tumawag siya sa campaign headquarters and he wanted to extend his support. Uuwi daw siya dito sa Pilipinas, pero ayaw niyang malaman ng press dahil tiyak na dudumugin siya sa airport pa lang."

Napasipol si Grampy. "Hell, you and Rett can get the vote of all the girls. Mananalo ka na dahil sa kaguwapuhan ninyong dalawa."

Bigla ay parang sumakit ang tiyan niya kaya nagpaalam na siya. Hinalikan niya sa noo sina Grampy at Grammy. "Kailangan ko pang mamili ng gamit na dadalhin ko para sa flight ko to Hongkong next week," aniya.

Fashion photographer siya at nakikilala na sa buong Asia. Itong assignment niya to shoot a very prestigious line of bags in Hongkong ang isa sa mga importante niyang shoots.

Tumayo na rin si Jake at nagpaalam. "Me, too. I'll drive you home, G."

"Siya, sige. Mag-ingat ka sa pagmamaneho, Jake. G, tumawag ka sa akin kapag nakarating ka na sa Hongkong."

"Yes, Grammy."

Sabay na silang naglakad palabas ng bahay ni Jake nang marinig niya ang pahabol na sigaw ng Grampy nila. “Baka makalimutan mo ang pasalubong ko, apo!”

Nagkatinginan ang magkapatid at nagkatawanan. The best talaga ang grandparents nila.

Habang nagbibiyahe pauwi ay pinatugtog ng lalaki ang CD ng *Daughtry*, isang foreign rock band.

Matagal na silang hindi nakatira sa bahay ng grandparents nila sa *Forbes Park*. Magkatabi ang townhouse nila sa isa ring subdivision sa Makati. Nagkataon na nasa casa ang kotse niya kaya nakikisabay siya ngayon sa kapatid.

“Okay lang ba sa iyo na makita muli si Rett?”

Kahit alam ni G na itatanong nito iyon sa kanya ay hindi siya kaagad nakasagot. Kanina pa niya pilit inaanalisa ang damdamin. Dapat ay wala na siyang nadarama. Matagal nang nangyari ang huli nilang pagkikita ni Rett at dapat ay naka-move on na siya. Hindi na kasing-kirot ang dating sugat, but still….

Kung sasabihin niya sa kapatid na uncomfortable at bothered siya ay tiyak na tatanggihan nito ang alok ni Rett na suporta para sa kandidatura nito.

Sayang naman.

Besides, she was matured enough para pakiharapan ang baseball player na parang wala na sa kanya ang nangyari. Kilala niya ang sarili; ma-pride siya at walang inuurungang laban. Wala siyang ipagkakait kay Jake at kung ang kailangan ay ang makita niya muli si Rett, then so be it.

"Kuya Jake, get real. Hindi na ako bata. I don't have that belief that the sun shines and sets on Rett James anymore, ano!"

Ngumiti ito. "Alam ko iyon pero kailangan ko lang makasiguro. Naaalala ko pa rin 'yung araw na dinala niya sa bahay si Chelsea." Napangiwi ito. "Hindi ko lang gustong maulit iyon."

G rolled her eyes. "Masyado kang nag-aalala, Kuya. Besides, I'm dating someone, if you recall."

Napakunot-noo ito. "Si Eman? You're still dating him?"

Hindi niya mapigilang tumaas ang kilay sa tono nito. "At ano naman po'ng ibig ninyong sabihin sa sinabi n'yo?"

"Sabihin na lang natin na I hate lawyers."

"Kuya, you are a lawyer."

"Yeah, well… ang gusto ko lang naman sabihin, you shouldn't be dating one."

Nagpakawala na lamang si G ng buntong-hininga dahil noong isang araw pa niya narating ang konklusyon na iyon. Iniba na lang niya ang topic. "So, paano ka matutulungan ni Rett sa kampanya?"

"Sasali siya sa ilang rally at miting de avance. I think payag din siya na gumawa ng ilang TV and poster endorsements with me but his mere presence is enough, actually."

*Kung gayon, kailangan ko palang pumunta sa spa para magpaganda.* Nagulat si G sa naisip niyang iyon.

Wala siyang pakialam kung magandahan man sa kanya si Rett. Ang importante ay makita nito na isa na siyang hinahangaan na fashion photographer. That she was a woman of the world. A woman whose brains and creativity helped her get on top of the fashion world. A woman driven by ambition. A woman who….

*Okay, I want Rett to think that I'm pretty. I want Rett to notice me!* amin din niya sa sarili bandang huli.

Pero dahil lang iyon sa kagustuhan niyang

magsisi si Rett nang saktan siya nito sampung taon na ang nakakaraan. He had always treated her with nothing more than brotherly affection. Wala nang ibang dahilan bukod doon.

Hindi dahil in love pa rin siya rito. Hindi na nga niya madalas gamitin ang number seven baseball jersey shirt nito bilang pantulog. Unless, she had nothing else to wear—or masama ang pakiramdam niya…

Nang natatanaw na nila ang kanilang townhouse, hindi na mapigilan ni G ang sarili na isipin kung ano kaya ang kasalukuyang ginagawa ni Rett.

THE SHRILL of the telephone woke up Rett 'Spaceman' James. His head was hammering and it was terrible. Kasalukuyan siyang nandoon sa isang luxurious suite ng isang hotel. Hindi niya pinansin ang nagri-ring na telepono. Dumerecho siya sa banyo upang kumuha ng aspirin.

Nang nagdaang gabi ay nanalo ang team niyang *New York Yankees* sa *Baseball Major League World Series* kaya pagkatapos ng laro ay dumerecho sila sa celebration. Ang problema ay nasobrahan yata siya ng saya. Ngayon ay laking pagsisisi niya

sa pakikipagpustahan sa teammate niyang si Sean na kaya niya itong talunin pagdating sa inuman. Nanalo nga siya sa pustahan pero nagdurusa naman siya ngayon.

Malakas ang naging ungol niya dahil gusto na niyang iuntog ang ulo sa sobrang sakit nito. He was getting too old for this sh*t.

Lumabas siya ng banyo upang sagutin ang telepono. “Yeah, Rett here.”

“Hey, Rett. It’s Jackson.”

Napangiwi siya. Ang manager ang pinakahuling tao na nais niyang makausap ngayon. “Hey, Jackson. I’m kinda busy,” pagsisinungaling niya. “Mind calling back later?”

“This will only take a minute.”

Nagpakawala muli siya ng buntong-hininga. He was not in the mood for this. “What’s up?”

“I got a call from *Sports Illustrated Magazine* in Hongkong. They want you to do a cover for them. And since I know you’ll be in that part of the world, why don’t you give it a try? This way, you’ll be productive while you’re over there.”

“Forget it, Jackson. You know why I’m going to

that part of the world and how I feel about modeling."

Everyone knew how Rett felt about it. He hated it. Saka lamang siya tumanggap ng modeling endorsements noong nagsisimula pa lamang ang kanyang baseball career. Noong panahon na hindi pa kalakihan ang kinikita niya. Ngunit ngayong multimillion-dollar contracts na ang pinipirmahan niya para sa *Yankees* ay piling-pili ang tinatanggap niyang offer. Winning the World Series made him more bankable kaya napakaraming nagri-request na ma-interview siya.

Sa ngayon ay tinatanggihan niya lahat dahil magre-retire na siya from baseball. Isasabay na niya ang announcement na iyon sa press conference ng *New York Yankees*.

"Just think about it, man."

Gusto na lamang niyang matapos ang pag-uusap nila kaya pumayag siya. "Fine. I'll think about it."

"No problem. I'll be in touch, Spaceman."

Napapasimangot na ibinaba niya ang telepono. Biglang kumulo ang kanyang tiyan kaya minabuti niyang mag-order ng almusal via room service.

Habang hinihintay ang almusal ay

napagpasyahan ni Rett na mag-internet upang magbasa ng balita na galing sa Pilipinas. Sampung taon na ang nakakaraan mula nang huli siyang umuwi roon, pero interesado pa rin siya sa mga nangyayari sa bayang pinanggalingan.

Sa pamamagitan nito ay nalaman niyang tumatakbo bilang congressman sa siyudad ng Makati si Jake at lakas-loob niyang tinawagan ito upang kumustahin. Habang nag-uusap sila ay biglang pumasok sa kanyang isip na mas mabuti sigurong maging personal ang suporta niya para rito. He offered to help his friend during the campaign. Alam niya na may bentahe rin ang kasikatan niya sa Pilipinas. Ilang news agencies mula roon ang nag-interview sa kanya at sinabi sa kanyang sikat na sikat siya sa nabanggit na bansa.

He also knew it was the right time to go home. Sa nakalipas na sampung taon ay pinigilan niya ang sarili na umuwi kahit ilang beses na niyang ginusto iyon. Pinagkasya na lamang niya ang sarili sa pakikibalita, pagbili ng mga properties at pag-invest sa negosyo. Because he always knew in his heart that he would go back to the Philippines once he was done with baseball.

Patapos na ang kontrata niya sa *New York Yankees*

at wala na siyang balak i-renew pa ito. He had made a successful career in baseball. In fact, he was one of the highest-paid players. Binansagan siya ng media na 'Spaceman' dahil sa lakas ng pagpalo niya sa bola ay lumalabas ito ng stadium. Nakilala rin siya bilang isa sa pinakamagagaling na left-handed pitchers.

Kumunot ang noo niya sa nakita pagbukas ng webpage ng isang Philippine broadsheet. Kaagad na nakuha ang atensyon niya ng litrato ng isang hubad na lalaki. When he realized who it was, he started to laugh out loud. Ang kalaban ni Jake na si Cong. Bustamante! Binasa niya ang artikulo at isang talata ang nakakuha sa pansin niya.

> *THREE PEOPLE were arrested on assault and battery charges including Cong. Bustamante's chief security, Jonas Umali. Umali, 38, allegedly blackened the eye of fashion photographer, Georgeanne Marie Regudo, in an effort to wrestle her camera and the incriminating photographs from her (see next page). Regudo, 26, is the sister of Rafael Jake Regudo, Bustamante's chief rival for the congressional seat in Makati City.*

Nagimbal siya. Si G? Sinuntok nito ang kanyang si G? Naikuyom ni Rett ang kamay. That Jonas Umali better pray he had not hurt her too bad or else....

Kaagad niyang inilipat sa page kung nasaan ang larawan na tinutukoy. Nanginig ang kanyang mga kamay sa nakita. His Cupcake's face was black, blue and puffy as a blowfish.

*Jonas Umali, you're a dead man*, tiim-bagang na sabi niya sa isip.

Naputol ang pagmumuni-muni niya nang dumating ang in-order niyang breakfast. Matapos bigyan ng tip ang waiter na nagdala ng pagkain ay bumalik siya sa harap ng laptop niya at nagsimulang kumain habang tinititigan ang litrato ni G. For the first time in many years, he allowed himself to think about Cupcake.

There had always been something special between them. Mas higit sa pagkakaibigan. Alam niyang may crush si G sa kanya noong bata pa ito. It was too obvious in her eyes and actions. Pinili niyang tawagin itong 'Cupcake' upang maiba naman ang endearment. Nagagalit pa rin siya sa tuwing maaalala niya ang sakit na bumakas sa mukha ni G nang gabing ipakilala niya rito si Chelsea, ang kanyang ex-fiancée.

He would never forgive himself for the way he allowed Chelsea to treat G. Nakipagkalas na siya sa fiancée nang bumalik sila sa America dahil nasasakal na siya sa pagiging possessive nito at nagseselos ito sa kapatid ni Jake. Napatawad na kaya siya ni Cupcake?

He stayed away from her dahil hindi niya alam kung kaya ba niyang pigilin ang sarili. Sixteen pa lamang ito noon but he was getting aroused just by looking at her. He felt like a pervert. So, he left without even saying goodbye to her.

Lumipas ang panahon na ni isang e-mail at tawag mula rito ay hindi na siya nakatanggap muli. He wrote to her so many times but never sent his letters. He wanted to call her a lot of times but he knew it would make it harder for both of them. So, he lost touch with Jake and the whole Regudo family. And he missed his best buddy.

Ibinalik ni Rett ang atensyon sa larawan ni G. Damn, but he missed her, too. Naalala niya ang palagi niyang pagpapatawa rito upang makita lamang na lumabas ang dimples nito. The photo did not do justice to her hair because he knew how it would feel running through his fingers. Amoy-strawberry pa rin kaya ang buhok nito?

G had a certain effect on him that no other woman ever had. Unti-unting sumilay ang ngiti sa mga labi niya sa naisip.

G was not a little girl anymore.

Cupcake was all grown up.

And he could not wait for his homecoming.

# 3

Pabalikwas na bumangon si G mula sa kama nang makita ang oras sa wall clock. Alas diez na! Kailangan niyang makarating sa family house bago umalis si Grammy upang mag-attend ng meeting ng religious group nito.

Mabilis siyang nag-shower at nang buksan niya ang kanyang cabinet para magbihis ay natagpuan niyang wala nang laman ang closet niya kundi mga pambahay.

Malakas siyang napaungol. Hindi pa nga pala niya nadala sa laundromat ang marurumi niyang damit. Naghalungkat siya sa natitirang mga damit, pero ang pinakamaayos na lang na natira ay ang jersey shirt ni Rett at isang pares ng shorts. Kaagad niyang isinuot ang shorts pero nagdalawang-isip siya ukol sa shirt.

Sa makalawa pa ang dating ni Rett ayon kay Jake; wala sigurong masama kung isuot niya iyon ngayon. Matapos na makapagbihis ay tinipon niya ang maruruming damit sa laundry bag. Idadaan niya iyon sa laundromat bago magtungo sa *Forbes Park*.

Sinalubong siya ni Grammy habang papasok siya ng bahay. Kinumusta siya nito at pinakain muna ng almusal. Nakasanayan na niya na tuwing Linggo ay maagang pumunta sa bahay ng kanyang lolo at lola para roon mag-develop ng mga pictures niya. Mas moderno ang gamit niya sa studio sa bahay niya pero iba pa rin ang pakiramdam niya kapag ang ginagamit niyang darkroom ay iyong dito sa bahay ng kanyang grandparents. Dito siya nasanay bilang isang photographer. Ang kanyang abuelo ang nag-convert ng isang kuwarto roon para maging darkroom niya. And it was still her comfort zone.

Nang makaalis si Grammy ay dumerecho na siya sa darkroom. Isang oras na siyang nagtatrabaho nang maalala ang maruruming damit niya na nalimutan niyang idaan sa laundromat. Napagpasyahan niyang idaan muna iyon doon para makuha rin niya kaagad kinabukasan. Tutal, may isang oras pa bago matuyo ang mga larawan na pinroseso niya.

Napatda siya nang pagbukas niya ng front door ay bumungad sa kanya si Rett.

*He's here!* Ang una niyang naisip na gawin ay yakapin ito nang mahigpit at pupugin ng halik ang guwapo nitong mukha. Mabuti na lang, natauhan kaagad siya bago iyon magawa. Nagpakawala siya

ng buntong-hininga. Hindi iyon magugustuhan ni Rett dahil isang nakababatang kapatid lamang ang turing nito sa kanya.

Nag-init ang mga pisngi ni G nang mapansin kung saan nakatingin ang binata. He was looking at her chest. Nagtataka siguro ito kung bakit suot niya ang jersey shirt nito. Iniisip siguro nitong patay na patay pa rin siya rito.

Sumimangot siya. *Well, Rett James, hindi na ako ang dating Georgeanne Marie Regudo.*

Tumikhim ang dalaga at hinintay niyang magtama ang kanilang mga mata. At nang mangyari nga iyon ay nanlambot ang mga tuhod niya.

"Hi there, Cupcake. Kumusta ka na?" malambing nitong bati.

Cupcake—iyon pa rin ang tawag nito sa kanya. Naiinis siya sa sarili dahil hindi pa rin niya mapigilan ang pagtalon ng kanyang puso sa narinig. Pinilit niya ang sarili na huwag magpaapekto rito. Siniguro niyang walang mababakas na emosyon sa mukha niya.

"Rett James, Long time no see." Pinapasok niya ito sa bahay. Natataranta na siya dahil hindi niya alam kung paano ito pakikiharapan lalo na at

mataman pa rin itong nakatingin sa kanya, na wari ay gumagawa ito ng imbentaryo sa utak. Laking pasalamat niya nang dumating si Grampy.

"Everett! Aba't napaaga ka yata. Umalis ang Grammy mo dahil hindi naman namin alam na ngayong araw ka darating. Si Jake ay nangangampanya pero darating din iyon para sa family dinner mamaya. Naku, bata ka, hindi ka man lang nagpasabi na ngayon ka darating. Nasundo ka sana namin sa airport," litanya ni Lolo Ato, sabay yakap sa bagong dating.

Rett's laugh was different. It was richer and deeper. Hindi makapaniwala si G na nakakapagdulot pa rin sa kanya ng kasiyahan ang marinig ang mga halakhak nito.

"The hotel car picked me up. I'm staying at the *Mandarin*. Grampy, you're looking really good," nakangiting tugon nito.

"Ano'ng ibig mong sabihin na sa hotel ka matutulog? Ay, hindi ako makakapayag niyan. Sa daming kuwarto dine ay puwede kang mamili kung alin ang gusto mo. Mas nanaisin namin ng Grammy mo na dito ka sa amin tumuloy o kung ayaw mo naman dito, puwede kang mag-stay sa bahay ni Jake. Pero hindi kami makakapayag na habang nandito

ka sa Pilipinas ay sa hotel ka titira."

Napatingin si Rett sa kanya. Nginitian lamang niya ito. Alam niyang wala nang magagawa ang binata kundi ang sumunod sa kagustuhan ng matanda. Naintindihan naman nito ang ngiti niya kaya pinagbigyan na nito si Grampy.

Dahil napansin nilang pagod pa ang baseball player ay pinagpahinga na muna nila ito sa kuwarto. May jet lag pa ito kaya pumayag din kaagad.

Nagpakawala si G ng buntong-hininga nang makapasok ang binata sa kuwarto. Round one, check!

DINNERTIME with the Regudos was still one of the most pleasurable dining experiences in Rett's life. Ipinikit niya ang mga mata nang maamoy ang sinigang na hipon, adobong manok at inihaw na bangus.

*Ahh, comfort food!*

Halos tumulo ang laway niya sa mga pagkain sa mesa. Matagal na rin siyang hindi nakatikim ng luto ni Grammy. This was Filipino food at its finest.

"Dapat ay magsiasawa na kayong dalawa. Aba'y

lampas na kayo sa kalendaryo. Matandang binata na kayo, ah. Sino baga ang may problema, kayong dalawa o ang mga babaeng nililigawan ninyo?" untag ni Grampy sa magkaibigan.

"I think it's them, Grampy. Masyadong pihikan kasi itong si Kuya," susog ni G.

Si Jake ang sumagot para sa kanila ni Rett. "Grampy, hindi na uso ngayon ang maagang mag-asawa. Hindi na matandang binata ang tawag sa amin kundi eligible bachelors."

"Ay 'sus! Eligible bachelors daw! Kung ako sa inyo ay magsipag-asawa na kayong dalawa. Ilang taon pa kayo magkakaanak niyan? Baka hindi na ninyo abutan ang apo ninyo. Tingnan n'yo kaming dalawa ng Grammy ninyo. Malakas pa at inabutan pa naming tumandang binata ang apo namin." Nagkatawanan sila. Nagpatuloy ang matandang lalaki, "Iyan kasing Grammy ninyo, noong una pa lamang nasilayan ang kaguwapuhan ko, hindi na ako pinakawalan. Napikot ang chickboy na ito, baka akala ninyo."

Tinaasan ng kilay ni Grammy ang sinabi ng asawa. "Hoy, Ato! Umiiral na naman iyang kasinungalingan mo."

Sabay-sabay silang nagkatawanan muli.

*God, he missed this.* Naisip ni Rett, bakit ba niya hinayaan ang sarili na malayo sa mga ito? Ang mga Regudo ang itinuring niyang sariling pamilya dahil iniwan silang mag-ina ng kanyang ama. Palaging abala sa trabaho ang ina niya kaya mas madalas siyang maglagi sa bahay na ito noon.

He grew up in this house. Dito ay tinanggap siya nang walang pag-aalinlangan at kondisyon. Hindi nagtanong ang mga ito kung bakit ang tagal niyang nawala. They simply accepted him as the prodigal grandson who had come home. Now he knew that he would never give them up ever again.

Inabot niya ang baso ng beer sa kanyang harapan habang nakikinig lamang sa usapan ng mga ito. Grampy was the same outrageous old man. Si Grammy naman ay tahimik at maasikaso pa rin. Jake was still the cool, conservative friend that he knew, and G was…well…

G was still G. Ito pa rin ang baby ng pamilya. Maganda na ito noong sixteen years old pa lamang pero lalo itong gumanda ngayon.

Lumawak lalo ang ngiti niya nang matuon ang mga mata sa suot ni Cupcake na high school jersey

niya. Amazing. After all these years, she kept his jersey shirt. Maybe she still cared about him … kahit na bilang isang kaibigan lamang.

Hindi nagpakita ng kahit na anong palatandaan ang dalaga na may gusto pa rin ito sa kanya, ngunit naghintay si Rett ng isang dekada para sa pagkakataong ito. Bibigyan niya ng chance ang nararamdaman niya para rito.

By the end of dinner ay unti-unti na siyang nawawalan ng pag-asa. What a fool he had been to stay away so long. Halata na wala nang gusto sa kanya si G. Ang mga taon na wala siya sa buhay nito ang naging dahilan upang makalimutan siya nito at maka-move on.

Hindi naman siya tinatarayan nito or anything. Buong hapunan ay palakuwento ito ng nangyayari sa buhay nito, nginingitian siya at palaging lumalabas ang dimples na na-miss niya.

Ang totoong problema ay ang hindi nito ginagawa sa kanya. Cupcake did not look at him with love in her eyes like she used to when she was sixteen. Kunsabagay, hindi na ito ang dating G. She was now a full-grown, mature, sophisticated woman.

Dapat bang sabihin na niya kay G ang intensyon

niya? O mas mabuting hintayin niyang ito ang magbigay ng motibo? Hindi na siya sanay manligaw. Sa nakalipas na ilang taon ay babae ang lumalapit sa kanya. Mas mahirap pa ang manligaw kaysa maglaro ng baseball para sa kanya.

"O, bakit parang Biernes Santo 'yang mukha mo?" Nagulat si Rett nang marinig ang boses ng dalaga. Nakatingin ito sa kanya, concern showing in her eyes.

"A-ano?"

"Kasi naman biglang lumungkot ang mukha mo."

"W-wala. May naalala lang ako."

Pareho nilang pinagmasdan ang isa't isa at sabay ring nagsalita.

"Rett," G said.

"G…" simula naman niya.

Nagkatitigan sila at sabay na nagkatawanan. Nawala ang hiya nila sa isa't isa. They moved to the family room to chat some more. Sina Jake, Grammy at Grampy ay naiwan sa dining room.

Si G ang nagkukuwento, "Pagka-graduate ko ng

college, pumunta ako ng L.A. para mag-aral nang kaunti tungkol sa film-making at photography, then I went back here—"

Tumaas ang kilay ni Rett sa narinig. "Teka, teka. Ibig mong sabihin, pumunta ka ng America at hindi mo man lang ako tinawagan or something para kumustahin?"

Nagkibit-balikat ang babae. "I didn't know if you were busy or not. Besides, I was in the West Coast and you were in the East Coast. Saka ang alam ko ay nagsimula na ang season ninyo sa Major Leagues kaya hindi na kita inabala." Kumumpas ito upang bale-walain ang nangyari. "As I was saying, bumalik ako dito sa 'Pinas after a year at nag-freelance ako bilang fashion photographer. Hanggang sa nakilala ako ng madla at may mga kliyente na rin."

Napangiti si Rett. It felt so good talking to G like this, being near her, getting to know her all over again.

"Ikaw naman ang magkuwento," sabi nito. "Do you like playing for the *Yankees*?"

Hinawakan niya ang baba at nag-isip. "Yes and no."

Kumunot ang noo nito sa sinabi niya.

"I've been paid to do what I love to do. Ano naman ang puwede kong ireklamo?"

Tumaas ang isa nitong kilay. "I can sense a but somewhere."

"Please don't say anything to anybody yet because I'm not ready to go public with it, but… I've decided to retire."

Nanlaki ang mga mata nito. "Nagbibiro ka ba?"

Umiling siya. "Hindi ako kagaya ng ibang player, Cupcake. Alam kong tumatanda na ako, na hindi na ako kasing-bilis ng dati. Ang mga injuries ko ay mas matagal nang mag-heal kaysa noon. Besides, napaghandaan ko na rin ang future ko. May ilang properties na ako dito sa Pilipinas at sa Amerika. May mga naitayo na rin akong negosyo dito."

Nagkaroon ng pagtataka ang mga mata ni G habang nakatitig sa kanya. "Ano'ng ibig mong sabihin?"

"Dito na ako mananatili sa Pilipinas pag nag-retire ako."

Sabay silang napalingon nang tawagin ni Jake ang kapatid. "G, dapat siguro'y umuwi na tayo."

"Sige, Kuya." Binalingan siya muli ng dalaga.

"Paano, Rett, kita na lang siguro tayo?"

Gumana ang utak niya kung paano ito makikita kinabukasan. "So, you're joining us for breakfast tomorrow?" Magkikita kasi sila ni Jake upang mapag-usapan na nila kung ano ang puwede niyang maitulong sa kampanya nito.

"Uhm… no."

"So, how are we gonna see each other?"

"I know," sabat ni Jake. "You can come by her studio tomorrow. Tutal ay dadaan din ako sa bahay. 'Yung studio niya ay 'yung establishment sa harap ng townhouse namin."

Nanlaki ang mga mata ni G sa narinig. Nagsimula itong umiling pero napigil ang sarili.

Napangiti siya. It looked like his Cupcake was not over him as he thought at first.

"That sounds great," sang-ayon niya kay Jake.

# 4

Nagkita-kita nga silang tatlo sa bahay niya kinabukasan. Ngunit kaagad ding nagpaalam si Jake matapos nilang mapag-usapan na magkaibigan ang tungkol sa kampanya.

Naiwan sina Rett at G. Wari ay tumigil ang pag-ikot ng mundo nang mga sandaling iyon.

Ramdam nila pareho ang katahimikan, sanhi ng biglaang pag-alis ni Jake sa studio niya. Nasa kamalayan nila na walang ibang tao roon kundi silang dalawa lamang. They were staring into each other's eyes. It was as tense as the first time they saw each other yesterday after ten years.

Ang dalaga ang unang bumawi ng paningin at tumungo. Ipinasok niya ang kamay sa loob ng bulsa ng pantalon. Tumikhim siya at tumingin sa lalaki.

"Rett, I…" Nagpakawala siya ng isang buntong-hininga.

Nagtatanong ang mga mata ng binata nang hindi niya maituloy ang sasabihin. Sumandal ito sa sofa na nasa likuran lamang nito at naupo nang bahagya. Ang isang paa ay nakaangat at ang isang

paa ay nakaapak sa sahig. "You were saying…?"

Humugot siya ng hininga at saka ibinuga iyon. "Gusto ko lang sabihin na… I'm really glad that you came back. We've all missed you a lot, Rett."

Napalunok ito. Maybe it was not as bad as he thought about things between them. Siguro puwede pa nilang ituloy ang kung anumang nasimulan nila maraming taon na ang nakalipas. "Cupcake, I—"

Naputol ang sasabihin ni Rett nang mag-ring ang telepono. Tinanggal ni G ang mga kamay sa bulsa at dumukwang mula sa harapan ng mesa upang sagutin ito. Hindi mapigilan ng lalaki ang sarili na humanga sa napakagandang likod ng dalaga.

"Hello?" Sandali itong nakinig. "Hi, Eman."

Kumunot ang noo niya. *Eman? Who the hell is Eman?*

"Siyempre naman hindi ko nakalimutan. Sorry, hindi kita agad natawagan," sabi nito sa kausap sa telepono.

*Who the hell is Eman?* hirit pa rin ng isip ni Rett.

"Sige. Eight o'clock? Sunduin mo 'ko nang seven thirty sa bahay."

*Sunduin? Makikipag-date siya sa Eman na iyon? I don't think so!* gigil na naisip niya.

"Great. I'll see you then." Kumislap ang mga mata nito.

*Over my dead body!*

"Okay. Ingat. 'Bye, Eman." Nakangiting ibinaba ni G ang telepono.

"Who the hell is Eman?" Kahit si Rett ay napangiwi nang dumulas ang mga salitang iyon sa bibig niya. Hindi siya dapat nagagalit. Ang tono niya ay parang isang jealous boyfriend na nahuli ang nobya na may ibang lalaki. Huminga siya nang malalim at inulit ang tanong sa mas kalmanteng boses. "Who is Eman?"

Nagkibit-balikat lamang ito. "He's the guy I'm dating."

Nagbago ang isip niya. Walang masama kung paminsan-minsan ay ipakita niyang nagseselos siya. "The... what!"

Namilog ang mga mata ni G sa gulat. "The guy I've been dating."

"You've been dating a guy?" aniya.

Namaywang ito at kumunot ang noo. “Alam mo, may mga lalaki naman sa planetang ito na nagagandahan sa akin. Hindi lahat ng lalaki ay kagaya mo na puro mga modelo o artista lang ang idini-date!”

Nanlaki ang mga butas ng ilong niya. Dahan-dahan siyang lumapit kay G. Napaatras naman ito. Nakita niya ang paglunok nito.

“Akala mo ba hindi ko alam ’yan?” He trapped her between his big body and her office table.

Nanlaki pa lalo ang mga mata nito. “A-ano ba’ng sinasabi mo, Rett?”

“What I’m saying,” hinawakan niya ang likod ng ulo nito upang hindi ito makaiwas, “is this.”

Halos mapugto ang hininga nila pareho nang lumapat ang mga labi ng binata sa bibig nito. Nabura lahat ng iniisip ni Rett. His kiss was demanding and possessive. Naramdaman niya ang pagkagulat ng babae, ngunit makalipas ang ilang sandali ay tumutugon na ito sa halik niya. Umakyat ang mga kamay nito sa kanyang batok.

It felt so right. G fitted into his body like a glove. Tinanggap nito ang mga halik niya, walang inhibisyon na tinugon iyon. The lifetime of pent-up

hopes and longing were in her kiss.

Pinalalim ni Rett ang halik. His tongue sought hers. Napaungol siya nang maramdaman ang pakikipaglaro ng dila nito sa kanyang dila. Hindi siya makapaniwala sa epekto nito sa kanya. He was aroused. Too aroused.

His hand moved down to her bottom. It was perfect, so soft....

Binuhat niya ang babae upang lalong pagdikitin ang mga katawan nila at maramdaman nito ang init na dulot nito sa kanya. He groaned into her mouth when she locked her legs around his waist.

He had to have her. Now.

Time stood still for them as they played and teased, touched and needed, their bodies making promises of passion.

Ang tunog ng ibinababang zipper ng pantalon ni G ang nakahulas sa kanila. Nagulat ang dalaga. Nanlaki ang mga mata ni Rett. Hindi rin niya akalain na ganito kabilis ang mangyayari. They were both so out of control. But he knew he could not take her yet—not like this. Cupcake deserved better than this. Their first time should be perfect.

Kaagad itong kumalas at marahan niya itong ibinaba sa sahig.

He knew that she was as turned on as he was. Hirap ang paghinga na inayos nila ang sarili. Walang salitang namutawi sa mga labi nila. Nang mahimasmasan ay tiningala siya ni G. Hinaplos niya ang magandang mukha nito. Napapikit ito at nilapatan ng munting halik ang kanyang palad.

Nang magmulat ito at tingnan siya muli, hinalikan niya ito sa noo saka sa labi. "Tapusin mo na kung ano mang mayroon kayo ni Eman." He kissed her again, his tongue inside her mouth one last time, then he pulled away. "Get rid of him, Cupcake."

And with that, he walked away.

KASAMA NG PAGSIKAT ng bagong umaga ang katinuan. At pagkalito. Hindi pa rin makapaniwala si G na hinalikan siya ni Rett. Ang mas masaklap ay kung paano siya nag-react sa ginawa nito. Wala siyang ipinagkaiba sa mga babaeng naghahabol dito.

Hindi na dapat maulit ang nangyari. Hindi niya pinangarap na maging isa lamang sa mga babae nito. All her life, she had dreamed that Rett would love her not as a little sister but as a woman.

Kung malalaman lamang ito ni Grammy, tiyak na ang ipapayo nito ay, *"Magpakipot ka nang kaunti, apo."*

Hindi naman sasang-ayon ang Grampy niya at ang sasabihin niyon ay ganito, *"Kung gusto mo talaga siya, apo, dapat sinusunggaban mo na. Mahirap nang makawala pa ang kagaya ni Rett."*

Ang kanyang Kuya Jake ay ngingiti lamang at sasabihing, *"Buhay mo 'yan, sis. I'm behind you no matter what."*

Her best friend Maxine would have said, *"Really? Then, why didn't you go for it?"*

Lalo siyang malilito kung isa man sa mga ito ang pagtatanungan niya kung ano ang dapat gawin. Sa nakalipas na apat na araw ay iniwasan niyang makausap o makita ang mga ito. She wanted to decide for herself.

Habang nagso-soul searching si G, si Rett naman ay abala sa kampanya ni Jake at sa pagkainis nito sa kanya. Apat na beses na siyang tinawagan nito, pero walang sumasagot kundi ang answering machine niya. Ang unang message nito ay malambing pa. *"I can't wait to see you again, Cupcake. Tawagan mo naman ako, please."*

Ang second message nito ay hindi na kasing-lambing, but it was still Rett at his almost nicest self. Ang pangatlo at pang-apat na mensahe nito ay galit na sa kanya. *"Where the hell are you, Georgeanne Marie! Call me, damn it!"* Click.

Alam niyang galit na ito dahil tinawag na siya nito sa kanyang buong first name. And then, *"I'm getting seriously pissed off, G. Pupuntahan na kita diyan sa bahay mo kung hindi mo 'ko tatawagan sa susunod na sampung minuto!"* Click.

Sa ngayon ay nakaupo lamang siya sa tabi ng telepono at nakikipagtalo sa sarili kung tatawagan ba niya ang lalaki. Hindi siya sigurado kung kaya niyang i-handle ang galit nito.

Napailing si G. Pero bakit niya iiwasan ito? Nagbalik na si Rett sa Pilipinas, and he wanted her. Hindi nga ba iyon naman ang hinangad niya buong buhay niya?

Malungkot na muli siyang napailing. She didn't want to have just a sexual relationship with him. She had always wanted more. She had prayed for so much more. Gusto niyang mahalin siya nito. Pero posible bang mangyari iyon?

Now, G had the opportunity to make her dreams

real. Pero gusto niyang sabunutan ang sarili. Mas madali pang mangarap nang gising kaysa isipin ang nangyayari sa kasalukuyan.

Should she just go for it? Ang panandaliang kasiyahan sa piling ni Rett o tigilan na lang niya ang kahibangan niya? Dahil kung itutuloy niya ito ay tiyak na mahuhulog na naman ang puso niya sa lalaki.

Napapitlag siya nang makarinig ng malakas na ingay pagkatapos, may kalakihang bato na bumasag sa bintana niya. Napasinghap siya sa takot. Nakiramdam muna siya sandali at nang nagkalakas-loob na siya ay nilapitan niya ang bato.

What she saw made her skin crawl with terror. Nakapinta sa bato ang mga letrang LKK.

Tatlong letra na nakapagdulot sa kanya ng matinding takot.

Nang may biglang bumalya ng pinto niya at nabuksan iyon ay napasigaw na siya sa sobrang sindak. Inihanda ni G ang sarili upang umatake o depensahan ang sarili. Hindi niya alam kung paano. Basta lahat ng survival instinct niya ay umusbong. Ngunit bago siya nakakilos ay rumehistro sa utak niya na ang lalaki sa pintuan ay si Rett. Nanlaki ang

mga mata niya pero nakahinga siya nang maluwag. Even if it was a royally pissed-off Everett James at her door.

Thank God.

PABALAGBAG NA ISINARA ni Rett ang pinto. Mabalasik ang kanyang anyo—nanlalaki ang mga butas ng ilong, matalim ang mga mata at nakakuyom ang kamay.

"Georgeanne Regudo! Kailangan nating mag-usap!"

Kagat-labing tumango si G at patakbong lumapit sa kanya upang yumakap.

"Now this is more like it, Cupcake," aniya na napangiti nang malawak at niyakap din siya. "Ganito dapat ang naging pagbati mo sa akin noong dumating ako sa bahay nina Grampy...."

Nagpatuloy siya sa pagsasalita at hindi napansin ang basag na bubog sa sahig at ang pangangatal ng dalaga. "A man expects to have his phone calls returned after what happened between us the other day, Cupcake." Hinagod niya ang likod nito. "A man expects a hell of a lot more than being avoided by

the woman he's crazy about, that I can tell you."

Unti-unti niyang napansin ang panginginig ng katawan ni G. "Cupcake?" Lumayo siya nang kaunti upang iangat ang mukha nito. Nakita niya ang takot sa mga mata nito at napagtanto niya na kaya ito tumakbo kaagad sa kanya ay dahil sa takot. All his protective instinct rose. "Cupcake?"

"Mabuti at dumating ka, Rett," bulong nito.

Naramdaman niya ang matigas na bagay na hawak nito; isang piraso ng bato. Hindi niya maintindihan kung ano ang ikinatakot nito. Nang makita ang nakasulat sa bato, naintindihan na niya.

Pinasadahan niya ng tingin ang buong bahay. Saka pa lamang niya napansin ang basag na bintana at ang mga bubog sa sahig. Nakalimutan niya ang dahilan ng pagpunta niya roon. All that mattered was G. Hinigit niya ang dalaga upang yapusin nang mahigpit. Hinalikan niya ang noo nito. "It's okay, baby."

Naramdaman niya sa kanyang dibdib ang pagtango nito at paghigpit ng yakap sa kanya.

Pero siya? Okay ba siya? Ang takot na gumapang sa kanyang kaibuturan nang mapagtanto niya kung ano ang nangyari rito ang nagtulak sa kanya upang

aminin sa sarili na hindi pala niya kayang mabuhay nang wala si Georgeanne Marie Regudo.

Ngunit ngayon ay kailangan muna niyang asikasuhin ito. Hindi siya titigil hangga't hindi niya nahahanap ang taong may pakana ng pananakot na ito. Nobody could threaten his woman and expect to get away with it.

"HINDI PUWEDENG MANGYARI ang gusto mo, apo. Dito ka muna sa amin hangga't hindi pa nakakakuha ang kapatid mo ng security detail at hindi pa naayos ang bintana sa bahay mo."

Sa tono ng pananalita ni Grampy ay tila wala nang puwedeng sabihin pa si G para baguhin ang isip nito.

"Sang-ayon ako sa lolo at kapatid mo, Georgeanne. Mas makakabuting dito ka muna tumigil sa bahay. Pupunta ka rin naman sa Hongkong samakalawa para sa shoot mo sa *Sports Illustrated.* Maano ba namang dito ka matulog ng dalawang gabi," dagdag ni Grammy.

Napakunot ang noo ni Rett.

*Sports Illustrated?* Hongkong? Hindi ba iyon

ang nabanggit sa kanya ni Jackson bago siya tumulak patungong Pilipinas? Kailangan siguro niyang tawagan ang manager para kumpirmahin iyon. Kamakalawa ay pumayag na siyang tanggapin ang offer ng mga ito dahil naisip niyang i-donate kung anuman ang kikitain niya sa *Philippine Amateur Baseball Association*, isang organisasyon na nagsusulong ng baseball dito sa Pilipinas.

Tiningnan niya ang dalaga na mabilis na iniiwas ang mga mata sa kanya.

Matapos isalaysay sa mga pulis ang nangyari at nang mahimasmasan, bumalik ito sa pag-iwas sa kanya.

Huminga nang malalim si G. "Narinig n'yo naman ang sinabi ng mga pulis. Baka isa lamang itong katuwaan ng mga kabataan sa subdivision namin." Tiningnan nito si Jake na parang humihingi ng tulong dito.

"You know that's not true, G. Mababait ang mga tao sa subdivision natin. Walang gagawa ng ganoon sa iyo doon. Dito ka muna at habang nasa Hongkong ka ay paiimbestigahan ko ito sa mga contacts ko sa *PNP* para hindi na rin kami masyadong nag-aalala sa iyo."

Hindi napigilan ni Rett ang mapangiti nang makita ang pagpayag sa mukha ni G bago ito sumagot, “Sige na nga.”